
# Sanggunian

## (1) Pag-alam sa Tsunami

Para makaligtas sa tsunami, importanteng mayroong tamang kaalaman tungkol sa tsunami.






### Mga Bagay Na Dapat Tandaan Sa Kaso ng Tsunami

① Ang tsunami ay maaring dumarating kaagad depende sa lugar na may lindol.
② Ang tsunami ay tumatama na may bilis kagaya ng jetplane(Umaabot ang bilis ng tsunami gaya ng jetplane sa lalim ng tubig na 5,000 metro, ng bullet train sa lalim ng tubig na 500 metro, at ng kotse sa sa lalim ng tubig na 50 metro).
③ Paulit-ulit ang pagdating ng tsunami.
④ Ang taas ng tsunami ay magkaiba depende kung saan ito tumatama.
⑤ Kahit na ang tsunami ay nasa 30 sentimetro may lakas na ito na maaring magpapatumba sa inyo.
⑥ Ang tsunami ay tumataas sa mga ilog mula sa dagat.
⑦ Ang pagbaba ng tubig (ebb) ay hindi unang senyales ng tsunami.

### !! Tandaan ang Simbolong Ito!


Lugar ng Evacuation sa Panahon ng Tsunami.


Gusali Para sa Paglikas sa Panahon ng Tsunami


Palatandaan ng Tsunami


Lugar na May Banta ng Tsunami

Ang sukat ng tsunami ay magkaiba depende sa lakas ng lindol at iba pa salik. Huwag mag-isip na kayo ay ligtas dahil sa ang inyong bahay ligtas sa tsunami sa nakaraan!

**Kung sakali parating ang tsunami, lumikas sa mataas na lugar!**



Pumunta sa lugar na walang babagsak, gugulong o gagalaw patungo sa inyo.

## (2) Pag-aralan ang tungkol sa pagguho ng lupa

Ang pagguho ng lupa ay maaaring maganap sa mga lugar na malapit sa dagat at ilog o sa mga tinambak na lupa.




## (3) Pag-aralan ang tungkol sa kalamanid na pagguho ng lupa

Ang kalamidad na pagguho ng lupa, na tinatawag na " tsunami ng kabundukan" ay maaaring maganap dahil sa bagyo o biglaang paglakas ng ulan. Ang pagguho ay maaari ring maganap pagkatapos ng lindol.

### 【Ibat-ibang Uri ng Pagguho】

**Pagragasa ng Buhangin at Bato**



Mga bato at mga tipak ay raragasa patungo sa ibabang bahagi dahil lakas ng bagyo.

**Uka ng Lupa**



Ang tubig sa ilalim ay dahan dahang aangat sa lupa sa pamamagitang ng madulas na putik gaya ng burak.

**Pagguho ng Lupa**




Ang matatarik na mga bangin ay nasisira dahil sa malakas na bagyo.

### 【Palatandaan ng Pagguho】

Bantayan ang mga sumusunod na mga palatandaan:



Ang mga ilog at sapa ay may mga rumaragasang putik habang may mga inaanod na mga puno.



Ang tubig ay bumulwak mula sa tuktok.



Nawawasak na daan.